LISTAHAN NG MGA AHENSYA / INSTITUTUSYON

AFP- Armed Forces of the Philippines
ARMM- Autonomous Region of Muslim Mindanao
ATI- Agricultural Training Institute
BARC- Barangay Agrarian Reform Committee
BCH-ARMM- Bureau of Cultural Heritage- Autonomous Region of Muslim Mindanao
BSOs- Business Support Organizations
BSP- Bangko Sentral ng Pilipinas
BuCor- Bureau of Corrections
BFAR- Bureau of Fisheries and Aquatic Resources
BPRE- Bureau of Post-Harvest Research
BI- Bureau of Immigration
BJMP- Bureau of Jail Management and Penology
CESB- Career Executive Service Board
CHED- Commission on Higher Education
CHR- Commission on Human Rights
COA- Commission on Audit
COMELEC- Commission on Elections
CSC- Civil Service Commission
CWC- Council for the Welfare of Children
DA- Department of Agriculture
DA-ATI- Department of Agriculture Agricultural Training Institute
DA-BPRE- Department of Agriculture Bureau of Post-Harvest Research and Extension
DAR- Department of Agrarian Reform
DepEd- Department of Education
DENR- Department of Environment and Natural Resources
DFA- Department of Foreign Affairs
DILG- Department of the Interior and Local Government
DND- Department of National Defense
DOE- Department of Energy
DOF- Department of Finance
DOH- Department of Health
DOJ- Department of Justice
DOLE- Department of Labor and Employment
DOST- Department of Science and Technology
DOST-ITDI- Department of Science and Technology Industrial Technology Development Institute
DOT- Department of Tourism
DPWH- Department of Public Works and Highways
DSWD- Department of Social Welfare and Development
DTI- Department of Trade and Industry

Halaw sa Magna Karta ng Kababaihan (Republic Act No. 9710) na isinalin sa wikang Tagalog ng PILIPINA

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Philippine Commission on Women
1145 J. P. Laurel Street, San Miguel, Manila, 1005 Philippines
Trunklines: (632) 735-1654; 736-5249; 736-7712; 735-4767; Fax: 736-4449
email: edo@pcw.gov.ph; info@pcw.gov.ph;
Website: www.pcw.gov.ph / Facebook: PCWgovph / Twitter: @PCWgovph

Reproduced and distributed by:

LISTAHAN NG MGA AHENSYA / INSTITUTUSYON

ECCD- Early Childhood Care and Development Council
FAP- Film Academy of the Philippines
FDA- Food and Drug Administration
FDCP- Film Development Council of the Philippines
GAB- Games and Amusement Board
GFIs- Government Financial Institutions
GSIS- Government Service Insurance System
HDMF- Home Development Mutual Fund
HEIs- Higher Education Institutions
HGC- Home Guaranty Corporation
HLURB- Housing and Land Use Regulatory Board
HUDCC- Housing and Urban Development Coordinating Council
IBP- Integrated Bar of the Philippines
LCPCs- Local Councils for the Protection of Children
LGUs- Local Government Units
LHBs- Local Housing Boards
LRA- Land Registration Authority
MFIs- Micro-finance Institutions
MTRCB- Movie and Television Review and Classification Board
NAFC- National Agricultural and Fishery Council
NAPC- National Anti-Poverty Commission
NAPOLCOM- National Police Commission
NCCA- National Commission for Culture and the Arts
NCDA- National Council on Disability Affairs
NCIP- National Commission on Indigenous Peoples
NCMF- National Commission on Muslim Filipinos
NDA- National Dairy Authority
NDRRMC- National Disaster Risk Reduction and Management Council
NFARMC- National Fisheries and Aquatic Resources Management Council
NGOs- Non government organizations
NHA- National Housing Authority
NHMFC- National Home Mortgage Finance Corporation
NTC- National Telecommunications Commission
OCS- Officer Candidate School
OMB- Optical Media Board
OPAPP- Office of Presidential Adviser on the Peace Process
OPS- Office of the Press Secretary (renamed as Presidential Communications Office (PCO))
OSCA- Office of Senior Citizen Affairs
OWWA- Overseas Workers Welfare Administration
PARC- Presidential Agrarian Reform Council
PARCCOM- Provincial Agrarian Reform Coordinating Committee
PCFC- People's Credit and Finance Corporation
PCUP- Presidential Commission for the Urban Poor
PCW- Philippine Commission on Women
PFDA- Philippine Fisheries Development Authority
PhilHealth- Philippine Health Insurance Commission
PMA- Philippine Military Academy
PNPA- Philippine National Police Academy
PNP- Philippine National Police
POEA- Philippine Overseas Employment Administration
POPCOM- Commission on Population
PPB- Parole and Probation Board
PPSC- Philippine Public Safety College
PSC- Philippine Sports Commission
RCBW- Regional Commission on Bangsamoro Women
RDCs- Regional Development Councils
SC- Supreme Court
SHFC- Social Housing Finance Corporation
SSS- Social Security System
SUCs- State Universities and Colleges
TESDA- Technical Education and Skills Development Authority
TRC- Technology Resource Center

Sino-sino ang mga nabibilang sa sektor na isasantabi o 'di napakikinggan (marginalized sector)?

Sila ay karaniwang nangangailangan at nabubuhay sa kahirapan; kalimitan ay walang pag-aari tulad ng lupa at iba pang mapagkukunan ng kabuhayan; di naaabutan ng pangunahing serbisyong panlipunan gaya ng serbisyong pangkalusugan, edukasyon, malinis na tubig, trabaho at oportunidad sa kabuhayan, pabahay, imprastraktura at hustisya. Kabilang dito ang mga kababaihan sa hanay ng maliliit na magsasaka, manggagawa sa kanayunan, mangingisda, maralitang taga lungsod, manggagawa sa pormal na ekonomiya, manggagawa sa di pormal na ekonomiya, migrante o manggagawa sa labas ng bansa, katutubo, Moro, mga bata, matatanda, mga may kapansanan, at mga inang mag-isang nagtataguyod ng pamilya.

Paano matutulungan ng batas na ito ang mga Kababaihang Pilipino na nasa ibang bansa?

Ayon sa Section 37 ng Magna Karta ng Kababaihan, dapat magtalaga ng kinatawan o "gender focal person" sa lahat ng sangay ng embahada o konsulada ng Pilipinas sa ibang bansa. Ang nasabing opisyal na magsasanay sa usaping ng "Gender and Development" ay siya ring pangunahing responsable sa pag-aasikaso sa mga isyu na may kinalaman sa kababaihang nagtatrabaho sa ibang bansa lalo na yung mga nasa panganib o may kinakaharap na isyu. Ang mga ahensiya tulad ng DSWD at DOLE ay inaatasan ding maki-isa sa pagpapatatag ng mga programa ukol sa pagbibigay serbisyo sa mga kababaihang nagtatrabaho sa ibang bansa sa pamamagitan ng "one-country team" na pamamaraan sa Ugnayang Panlabas.

Sino ang magpapatupad ng Magna Karta ng Kababaihan?

Ang Estado o Pamahalaan, ang pribadong sektor, ang kabuoang lipunan, at ang lahat ng mamamayan ay makatutulong sa pagkilala, paggalang at pagtatatangol sa lahat ng karapatan ng kababaihan na nakapaloob at ginagarantiyahan ng Magna Karta ng Kababaihan. Ang Pamahalaan ang pangunahing taga-pagpapatupad ng nasabing batas. Nangangahulugan ito na ang lahat ng ahensiya ng gobyerno kabilang ang lokal na pamahalaan at korporasyon na pagaari at pinamamahalaan ng gobyerno ay kasama sa mga magpapatupad ng Magna Karta ng Kababaihan, partikular na ang probisyon na may kaugnayan sa gawain ng kanilang ahensiya, higit lalo ang karapatan ng kababaihan na nagangailangan ng tukoy at kagyat na pagtugon mula sa Estado. Tutuparin ng Pamahalaan ang mga tungkulin na ito sa pamamagitan ng paglikha at pagpapatupad ng mga batas, polisiya, regulasyon, alituntuning administratibo, at iba pang nararapat na pamamaraan. Magtatatag din ito ng mekanismo upang palaganapin ang magkakaugnay at magkakasamang implementasyon ng Magna Karta ng Kababaihan at iba pang katulad na batas at polisiya upang epektibong maitigil ang diskriminasyon sa mga kababaihang Filipino.

Ano-ano ang responsibilidad ng pamahalaan na nakapaloob sa Magna Karta ng Kababaihan?

Inaatasan ng Magna Karta ng kababaihan, ang lahat ng ahensiya ng gobyerno, kabilang ang mga korporasyong pag-aari at pinamamahalaan ng gobyerno at mga lokal na pamahalaan na gamitin ang "gender mainstreaming" bilang estratehiya sa pagpapatupad ng batas at pagkamit ng mga layunin nito. Ipinaguutos rin nito ang:
(a) pagpaplano, pagbabadyet, pagsubaybay at pagtatasa; (b) ang pagtatatag ng "gender and development focal points", at (c) pangangalap at pagpapanatili ng mga datos hinggil sa babae at lalake upang maging gabay sa pagpaplano, paggawa ng mga programa at pagbuo ng mga polisiya.

Ang Philippine Commission on Women (PCW) ang pangkalahatang tagasubaybay at tagapangasiwa upang tiyakin ang pagsasakatuparan ng batas. Ito ay siyang pangunahing tagapaggawa ng polisiya at tagapag-ugnay para sa usaping pangkababaihan at pagkakapantay-pantay, at siya ring mangunguna upang tiyakin na ang lahat ng ahensiya ng gobyerno ay may kakayanan sa epektibong pagpapatupad ng Magna Karta ng Kababaihan. Naaayon sa kanyang mandato, ang Commission on Human Rights (CHR) ay kikilos bilang "Gender and Development Ombud" upang matiyak ang pagtataguyod at pangangalaga ng karapatang pantao ng kababaihan. Ang Commission on Audit (COA) ay magsasagawa ng taunang pagtutuos hinggil sa paggamit ng mga ahensya ng gobyerno ng kanilang pondo para sa "gender and development", upang makita kung masinop at mahusay ang paggamit nito at kung epektibo ang mga pamamaraang ginamit sa pagtugon sa mga "gender issues". Ang lokal na pamahalaan ay hinihimok na bumuo at magpasa ng "Gender and Development Code (GAD Code)" para tugunan ang mga isyu at interes ng kababaihan mula sa resulta ng konsultasyon sa mga kababaihan sa kanilang nasasakupan.

Ano ang kaparusahan sa maga lalabag sa batas?

Kung ang paglabag sa Magna Karta ng Kababaihan ay ginawa ng isang ahensiya ng gobyerno, kabilang ang mga korporasyong pag-aari at pinamamahalaan ng gobyerno, at mga lokal na pamahalaan, ang taong nagkasala ay tuwirang mananagot sa nasabing paglabag, gayundin ang pinuno ng ahensiya o ang punong ehekutibo kung saan ito naglilingkod. Ang parusa sa ilalim ng batas administratibo, serbisyo-sibil at iba pang naaayong batas ay irerekumenda ng Commission on Human Rights sa Civil Service Commission at sa Department of the Interior and Local Government. Kung ang paglabag ay mapatunayang kagagawan ng isang kinatawan ng Estado o Pamahalaan, ito ay higit na makapagpapabigat sa pagkakasala na may kaukulang kaparusahan at naayon sa bigat ng nagawang paglabag. Kung ito ay isinagawa ng isang pribadong grupo o indibidwal, ang taong nagkasala ay tuwirang mananagot sa pamamagitan ng pagbabayad ng danyos-perwisyo (damages). Ang mga biktima ay maaari ring humanap ng iba pang kalutasan sa ilalim ng batas gamit ang iba pang batas, lalo na yaong nangangalaga sa karapatan ng kababaihan.

Paano magkakaroon ng pondo ang implementasyon Magna Karta ng Kababaihan?

Nakasaad sa Magna Karta ng Kababaihan na kinakailangang gamitin ng lahat ng ahensiya ng Pamahalaan ang kanilang "GAD budget" para sa mga programa at gawain sa "gender and development (GAD)" upang maipatupad ang mga probisyon ng batas. Ang pondong gagamitin para sa implementasyon ng batas ay kukunin sa kasalukuyang paglalaan (appropriation) ng naturang ahensiya at dapat isama sa kanilang taunang badyet sa mga susunod na taon. Ipinag-uutos rin ng batas na bigyang priyoridad ng Pamahalaan ang paglalaan ng pondo upang epektibong maipatupad ang mga obligasyon sa ilalim ng kasalukuyang batas.

Philippine Commission on Women

Magna Karta ng Kababaihan

R.A. 9710